Mobile Security
for Symbian

1. Pag-install at Pagpapabuhay

Nakaraan na Bersyon

Kung dati mo nang na-install ang isang antivirus na produkto sa iyong mobile na aparato, kailangan mo itong tanggalin bago mo i-install ang application.

Pag-i-install

Upang mag-install:

- I-download ang file sa pag-install papunta sa iyong computer at ilipat ito sa aparato,
- I-download ang file sa pag-install papunta sa iyong computer at i-install ang produkto gamit ang synchronization na software sa iyong computer, o
- I-download nang direkta sa iyong aparato ang pag-install. Awtomatikong magsisimula ang pag-install.

Maaari mong i-download ang file sa pag-install mula sa http://mobile.f-secure.com.

Matapos na makapag-install, muling simulang paandarin ang aparato kung hihilingin ka sa pag-install na gawin ito. Kapag handa na ang pag-install, kailangan mong buhayin ang produkto. Hindi pinoprotektahan ng produktong ito ang iyong aparato kung hindi mo pa ito nabubuhay.

Pagpapabuhay

Para simulan ang pagpapabuhay:

1. Buksan ang application. Ipinapakita ang screen ng Pagbati.
2. Pindutin ang **OK** upang magpatuloy.
3. Pindutin ang **Oo** sa dialog ng pagpapabuhay at simulan ang pagda-download ng mga update.

   Ang application ay kumukunekta sa iyo sa serbisyo ng pagpapasariwa, papabuhayin ang panahon ng pagsubok, at ida-download ang pinakahuling database sa pagkikilala ng virus.

   Maaaring gamitin ng produkto ang SMS sa pagpapabuhay. Sa mga ganitong kaso, irerehistro ng SMS na mensahe sa pagpapabuhay ang iyong numero ng telepono at sisingilin sa iyo ang batayang singil para sa mensaheng teksto.

Kapag natapos mo na ang pagpapabuhay, i-scan ang iyong aparato para sa mga virus upang siguraduhin na malinis ang iyong aparato. Tingnan ang bahaging *Mag-scan para sa mga Virus* sa ibaba.

Kailangan mong i-scan ang iyong aparato tuwing hihilingin ito ng application.

2. Suskrisyon

Upang manatiling ganap na protektado makalipas ang panahon ng pagsubok, kinakailangan mong magsagawa ng suskrisyon sa serbisyo ng produkto. Samakatuwid, inirerekomenda na bumili ka ng dagdag na panahon para sa serbisyo bago petsa ng pagkapaso nito. Ipinapakita ng nagpaso na application ang mga istatistika ng pag-scan at firewall ngunit hindi ito tunay na nagsa-scan o humaharang sa anumang trapiko sa network.

Sumusuporta ang application sa maraming mga paraan ng pagbili, depende sa paraan ng distribusyon. Pindutin ang **Bumili** upang makita ang lahat ng mga handang paraan ng pagbili. Ang mga pinakakaraniwang paraan ng pagbili ay:

1. Ang suskrisyon sa serbisyo sa isang tiyak na operator
2. F-Secure eStore
3. Ang iyong lokal na awtorisadong tagapagbenta
4. Pagbabayad sa pamamagitan ng SMS

3. Mag-scan para sa mga Virus

Ang application ay umaandar sa background at awtomatiko nitong kinikilatis ang iyong mga file.

1. Kapag may natagpuan virus habang isinasagawa ang real-time scan, may ipinapakitang mensahe. Pindutin ang **Oo** upang tingnan ang (mga) nahawahang file, o **Hindi** upang isara ang dialog.
2. Ang tanaw ng mga Impeksyon ay naglalaman ng isang listahan ng mga nahawahang file sa aparato at ang katayuan ng file (kung ikinulong man o pinakawalan).
3. Upang tingnan ang karagdagang mga detalye ukol sa isang nahawahang file, piliin ang file, at pindutin ang **Mga Opsyon > Mga Detalye**.

Maaari mo rin i-scan nang mano-mano ang buong aparato para sa mga virus kung kailan mo gusto. Upang umpisahan ang mano-mano na pag-scan, piliin ang **I-scan** lahat mula sa menu ng application.

Pagsasaproseso ng mga Nahawahang File

Upang maisaproseso ang mga nahawahang file:

1. Sa pagtanaw ng mga Pagkakahawa, piliin ang nahawahang file upang maisaproseso.
2. Pindutin ang **Mga Opsyon > Proseso pinili**.
3. Mula sa menu na **Pumili ng pagkilos**, piliin ang nais na pagkilos, at pindutin ang **OK**.

   Maaari mong isaproseso ang mga nahawahang file sa isa sa mga sumusunod na paraan:

   - **Ikulong** - ipa-quarantine o ikulong ang nahawahang file. Ang isang napa-quarantine na file ay kinakandado at hindi nito mapipinsala ang iyong aparato kapag ang Mobile Security ay nakabukas.
   - **Burahin** - burahin ang nahawahang file. Ito ang inirerekumendang pagpipilian. Ang file ay ganap na tatanggalin mula sa iyong aparato.
   - **Pakawalan** - pakawalan ang pina-quarantine na file. Kapag pinakawalan mo ang isang file, hindi na ito ikakandado. Ikaw ay haharap sa panganib sa paggamit nito.

4. Pag-iwas sa Di-pinapayagang Trapiko sa Network

Ang firewall sa application ay tahimik na gumagana sa background. Sinusubaybayan nito ang papasok at palabas na impormasyon sa Internet at network, at pinoprotektahan ka laban sa mga pagsubok na manghimasok. Ang mga dati nang tinukoy na antas ng firewall ay nagpapahintulot sa iyo na agarang mapalitan ang antas ng proteksyon ayon sa iyong mga pangangailangan.

Maaaring nagkukulang mula sa bahagi ng firewall ang iyong application, depende sa aparato na iyong ginagamit.

Pagpili ng Antas ng Firewall

Upang piliin ang antas ng firewall:

1. Sa alinman sa pagtanaw, pindutin ang **Mga Opsyon > Mga Settings**.
2. Piliin ang **Pagprotekta ng firewall**.
3. Pindutin ang **Mga Opsyon > Baguhin** upang piliin ang nais na antas ng firewall:
   - **Payagan Lahat** - pinapayagan ang lahat ng paglabas-pasok na trapiko sa network.
   - **Normal** - nagpapahintulot sa lahat ng mga palabas na koneksyon at hinaharangan ang lahat ng mga papasok na trapiko.
   - **Mataas** - nagpapahintulot sa mga pinakamadala-gamitin na mga application at hinaharangan ang lahat ng mga papasok na trapiko.
   - **Tanggihan Lahat** - itinitigil ang lahat ng mga paglabas-pasok ng trapiko sa network.
   - **Pasadya** - pinapahintulutan ang mga paglabas-pasok ng trapiko sa network batay sa iyong mga pinasadyang patakaran.
4. Pindutin ang **OK**.

5. Pagpapanatiling Makabago ang Produkto

Mga Awtomatikong Update

Ang application ay may kasamang serbisyo ng awtomatikong pag-update, na nangangahulugan na ang database ng pagkikilala sa virus ay regular na naa-update. Tanging ang isang makabagong database sa pagkikilala ng virus ang makakaprotekta sa iyong aparato laban sa mga pinakabagong mga virus. Ang mga awtomatikong update ay paaandarin matapos mong buhayin ang produkto.

Ang application ay nangangailangan ng isang aktibong koneksyon sa Internet para sa mga pag-update. Tinitingnan pana-panahon ng application kung kailan pinakahuling na-update ang database sa pagkilala ng virus at nagda-download ng mga bagong update kung kinakailangan.

Mano-manong Pag-update

Upang mano-manong i-update ang application:

1. Sa alinman sa mga pangunahing pagtanaw, pindutin ang **Mga Opsyon > Mga I-update**.

   Dina-download ng application ang pinakabagong database sa pagkilala ng virus at agad itong ipinatutupad.
2. Kapag tapos na ang pag-update, pindutin ang **Oo** upang i-scan ang iyong aparato laban sa mga virus kung hilingin sa iyo na gawin mo ito. Tingnan ang bahaging *Mag-scan para sa mga Virus* sa ibaba.

Mga Bersyon ng Update	Kapag may bagong handang bersyon ng application, hihilingin sa iyo nito na i-download ang pinakabagong bersyon. Awtomatikong magsisimulang umandar ulit ang application kapag nakumpleto na ang update.

Suportang Teknikal

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa application na hindi tinalakay sa mga gabay o sa online na serbisyo, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapagbenta ng F-Secure o direkta sa F-Secure Corporation.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa application na hindi tinalakay sa gabay, tingnan ang mga kadalasang katanungan ("frequently asked questions") sa http://mobile.f-secure.com.

PAGLILINAW

Ang "F-Secure" at ang simbolong tatsulok ay mga rehistradong markang-kalakal (registered trademarks) ng F-Secure Corporation at ang mga pangalan at simbolo/logo ng produkto ng F-Secure ay mga markang-kalakal (trademarks) o rehistradong markang-kalakal (trademarks) ng F-Secure Corporation. Ang lahat ng mga pangalan ng produkto na nababanggit dito ay mga markang-kalakal o rehistradong markang-kalakal ng kani-kanilang mga kaukulang kumpanya. Nililinaw ng F-Secure Corporation na hindi nito inaangkin ang pagmamay-ari ng mga marka at pangalan ng iba pa. Bagaman ginagawa ng F-Secure Corporation ang lahat ng pagsusumikap upang siguraduhin na wasto ang impormasyon na ito, walang sagutin ang F-Secure Corporation sa anumang mga pagkakamali o pagkakalaktaw ng mga katunayan na nakapaloob dito. Inilalaan ng F-Secure Corporation sa sarili nito ang karapatan na baguhin ang mga detalyeng nabanggit sa dokumentong ito nang walang paunang abiso.

Ang mga kumpanya, pangalan at data na ginagamit sa mga halimbawa dito ay kathang-isip lamang maliban kung baligtad ang ipinahiwatig. Walang anumang bahagi ng dokumentong ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko man o de-makina, para sa anumang layunin, nang walang tahasang nakasulat na pahintulot ng F-Secure Corporation.

Ang produktong ito ay maaaring masaklaw ng isa o higit pang mga patent ng F-Secure, kabilang ang mga sumusunod:

GB2353372, GB2366691, GB2366692, GB2366693, GB2367933, GB2368233, GB2374260

Karapatang-kopya © 2008 F-Secure Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan